# Sangguniang Gabay sa Bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng Immunocompromised

Washington State Department of HEALTH

Ang mga taong immunocompromised ay madaling mahawahan ng mga impeksiyon gaya ng COVID-19.

**Kung mayroon ka ng alinman sa mga sumusunod na medikal na kondisyon, itinuturing ka bilang katamtaman o malubhang immunocompromised at maaaring makabuti sa iyo ang karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19.**

**Kasama na rito ang mga taong:**

- Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa tumor o kanser sa dugo
- Nakatanggap ng organ transplant o gumagamit ng gamot upang pigilan ang immune system
- Nakatanggap ng stem cell transplant sa loob ng nakaraang 2 taon o gumagamit ng gamot upang pigilan ang immune system
- May katamtaman o malubhang primary immunodeficiency (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- May advanced o hindi nagagamot na impeksiyong HIV
- Tumatanggap ng aktibong paggamot gamit ang corticosteroids na may mataas na dosis o iba pang gamot na maaaring makapigil sa immune response

Hindi kasama sa listahang ito ang lahat ng kondisyong nagpapahina sa immune system, kausapin ang iyong tagapagbigay ng medikal na serbisyo upang pagpasyahan kung makabubuti sa iyo ang karagdagang dosis. Kung ikaw ay immunocompromised, tingnan ang chart sa ibaba upang alamin kung ilang dosis ang kwalipikado kang tanggapin para manatiling protektado laban sa COVID-19:

| Kung nakakuha ka ng… | Mga taong nakakuha na dati ng mga bakuna sa COVID-19 | Mga taong hindi pa nakakuha dati ng mga bakuna sa COVID-19 |
|---|---|---|
| **Moderna** (6 buwan +) | **Nakatanggap ng 1 dosis dati:**<br>**Ika-2 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024, 4 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis<br>**Ika-3 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024, 4 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis | **Ika-1 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024<br>**Ika-2 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024, 4 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis<br>**Ika-3 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024, 4 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis |
| | **Nakatanggap ng 2 o higit pang dosis:**<br>**1 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024, 4 linggo pagkatapos ng huling dosis | |
| | **Nakatanggap ng 3 o higit pang dosis:**<br>**1 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024, 8 linggo pagkatapos ng huling dosis | |
| **Pfizer** (6 buwan +) | **Nakatanggap ng 1 dosis dati:**<br>**Ika-2 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024 3 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis<br>**Ika-3 dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024.<br>8 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis para sa mga batang 6 buwan - 4 taon, at 4 linggo para sa mga taong may ibang edad | **Ika-1 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024<br>**Ika-2 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024, 3-8 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis<br>**Ika-3 Dosis:** Updated na bakuna para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis para sa mga batang 6 buwan hanggang 4 taon, at hindi bababa sa 4 linggo para sa mga taong may ibang edad |
| | **Nakatanggap ng 2 o higit pang dosis:**<br>Isang dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024.<br>8 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis para sa mga batang 6 buwan - 4 taon, at 4 linggo para sa mga taong may ibang edad | |
| | **3 o higit pang dosis:**<br>**Isang dosis** ng updated na bakuna para sa 2023-2024.<br>8 linggo pagkatapos ng huling dosis | |
| **Novavax** (12 taong gulang +) | **1 o higit pang dosis dati:**<br>1 dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng huling dosis | **Ika-1 Dosis:** Updated na Bakuna<br>**Ika-2 Dosis:** Updated na bakuna, 3 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis |

# MGA BAGAY NA KADALASANG ITINATANONG

### Anong mga umiiral nang medikal na kondisyon ang naglalagay sa iyo sa mas malaking panganib na magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19?

Ang mga taong may anumang edad na may mga kondisyong nakalista sa ibaba ay mas posibleng magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19.

Mahalaga ang mga bakuna (inisyal at karagdagang dosis) sa COVID-19 at iba pang mga hakbang upang makaiwas sa COVID-19, lalo na kung ikaw ay nakatatanda o may marami o malubhang kondisyon sa kalusugan gaya ng mga nasa listahang ito. Hindi kasama sa listahang ito ang lahat ng posibleng kondisyong naglalagay sa iyo sa mas malaking panganib na magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19. Kung mayroon kang kondisyong hindi nakalista rito, makipag-usap sa iyong health care provider kung paano pinakamabuting mapangangasiwaan ang kondisyon mo at mapoprotektahan ang sarili mo laban sa COVID-19.

- Kanser
- Pangmatagalang sakit sa bato
- Pangmatagalang sakit sa atay
- Pangmatagalang sakit sa baga
- Dementia o iba pang kondisyong neurological
- Diabetes (type 1 o 2)
- Down syndrome
- Mga kondisyon sa puso
- Impeksiyong HIV
- Kalagayang immunocompromised (mahinang immune system)
- Mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Labis na timbang at katabaan
- Pagbubuntis
- Sickle cell disease o thalassemia
- Paninigarilyo, ngayon o noon
- Solid organ o blood stem cell transplant
- Stroke o cerebrovascular disease, na may epekto sa pagdaloy ng dugo sa utak
- Mga sakit na dulot ng pagkalulong sa alak o gamot
- Tuberculosis

### Kailangan ba ng mga taong katamtaman o malubhang immunocompromised ng tala/reseta ng doktor o iba pang dokumentasyon upang matanggap ang mga dosis na ito?

Hindi, puwedeng magpakilalang mag-isa ang mga indibidwal at matatanggap na nila ang lahat ng dosis sa kahit saang lugar na nag-aalok ng bakuna. Makatutulong ito upang tiyaking hindi na madaragdagan pa ang mga humahadlang sa populasyong ito para makakuha ng bakuna. Kung may tanong ang mga immunocompromised na indibidwal tungkol sa kanilang partikular na medikal na kondisyon, maaari nilang talakayin sa kanilang health care provider kung angkop o hindi ang pagkuha ng karagdagang dosis.

### Kailangan ko bang bayaran ang bakuna?

Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, ang lahat ng bakuna sa COVID-19 ay binili at ginawang libre ng Pederal na gobyerno ng US para sa bawat taong gusto nito. Ngayong tapos na ang emergency sa kalusugan ng publiko kaugnay ng COVID-19, inaasahang matutulad rin sa ibang bakuna ang mga bakuna sa COVID-19, na ang ibig sabihin, bibilhin ang mga ito ng mga klinika at ospital.

Tulad ng ibang bakuna, ang mga bakuna sa COVID-19 ay posibleng saklawin sa karamihan ng plano ng insurance. Patuloy na magiging available nang libre ang mga bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng bata sa estado ng Washington hanggang sa ika-19 nilang kaarawan sa tulong ng programang Vaccines for Children (Bakuna para sa Kabataan). May mga programa rin para sa mga taong nasa hustong gulang na makatutulong upang sagutin ang mga gastos sa pagpapabakuna kung wala silang insurance sa kalusugan o hindi saklaw ng plano nila ang bakuna. Ang Bridge Access Program (Programa sa Pagtulay ng Access) ay pansamantalang nagbibigay ng mga updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 nang libre sa mga taong nasa hustong gulang na edad 19 pataas na walang insurance sa kalusugan, at sa mga taong nasa hustong gulang na may insurance na hindi sapat upang saklawin ang lahat ng gastos sa COVID-19, hanggang sa Disyembre 2024.  Upang makahanap ng lokasyon ng botikang kalahok sa programang ito, pumunta sa www.vaccines.gov.

**Mayroon pang tanong? Pumunta sa: VaccinateWA.org**

Washington State Department of HEALTH

DOH 825-064 CS December 2023 Tagalog
Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.